Employment Security Department
WASHINGTON STATE

# Pahayag ng ESD PEAR

Ago. 30, 2022

Ang kinabukasan ng Washington estado ay pabor sa pagkakapantay-pantay at kontra sa pagtatangi ng lahi. Ito ang kinabukasan kung saan, "Ang lahat sa Washington ay may access sa lahat ng oportunidad, kapangyarihan, at mapagkukunan na kailangan nila para lumago at maabot ang buong potensyal nila." Direktiba itong ginawa ni Gob. Jay Inslee sa Ehekutibong Kautusan 22-04, at inisyatibo sa layunin na paburan ang pagkakapantay-pantay at labanan ang pagtatangi ng lahi (PEAR). Pero makikita ito sa ito sa tunay na dedikasyon sa gawaing ito — hindi lang sa salita kundi sa mga desisyon at ginagawa natin.

Talagang determinado akong gawin ang layuning ito para sa kinabukasan, pati na ang ating team ng executive leadership (ehekutibong pamunuan) at ang buong Employment Security Department (Kagawaran sa Seguridad ng Trabaho) (ESD).

Ang programa ng ahensiya namin ang pundasyon ng matatag na ekonomiya para sa mga Washingtonians. Nagbibigay kami ng mga serbisyo na nagbibigay nag-uugnay sa mga naghahanap ng trabaho at mga employer; tumutulong sa mga tao na magkaroon ng kasanayan na nagpaparami oportunidad sa trabaho; nagbibigay ng mga bayad na iwan at pangmatagalang pangangalaga kapag kailangang-kailangan ito ng mga indibidwal at pamilya; at tumutulong sa mga tao na mabayaran ang kanilang mga bayarin kapag wala silang trabaho.

Alam namin na hindi available sa lahat ang tulong na ito.

Kailangan ng panahon para magkaroon ng sistemang makakapagbigay ng pribilehiyo, oportunidad, at kapangyarihan para sa ilan pero hindi sa lahat, sinasadya man o hindi. Determinado ang ESD sa pangmatagalang gawaing ito. Nananatili rin kaming determinado sa paghahanap ng oportunidad na gumawa ng pagbabago na magbibigay ng pakinabang sa mga biktima ng di-pagkakapantay-pantay sa aming mga programa at sistema.

Bukod sa mga determinasyon ng aming PEAR plan, determinado rin ng ESD na:

- **Pakinggan ang opinyon ng komunidad tungkol sa ginagawa namin.**
  Nangangahulugan ito na gagawa kami ng paraan para maging bahagi ang komunidad sa ginagawa namin para maalis ang lahat ng nakakahadlang sa aming serbisyo at gumawa ng sistema na bagay sa mga taong pinaglilingkuran namin.

- **Makipagtulungan sa mga pang-estado at lokal na partner namin sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay at paglaban sa pagtatangi ng lahi.** Ang paggawa ng mas malalim at mas matatag na ugnayan na may pagtitiwala sa mga partner namin ay magpapatibay ng determinasyon namin sa pagsasagawa ng PEAR.
- **Baguhin ang layunin ng ahensiya namin at iayon ito sa PEAR** – para makita ang resulta ng aming katangian, desisyon, estratehiya, at kultura: kapag tinawagan kami ng mga tao, maririnig nila ang layunin namin. Kapag nag-browse sila sa website namin at nag-apply para sa mga benepisyo, makikita nila ito sa pahina at sa aplikasyon.
- **Gumawa at patuloy na ibagay ang mga plano ng estratehiya ng ahensiya namin para ipakita ang mga priyoridad ng PEAR** at ang plano ng PEAR ng ahensiya.
- **Ilakip ang mga priyoridad at prinsipyo ng PEAR habang binubuo namin ang mga plano ng estratehiya para sa dibisyon at badyet ng buong ahensiya.** Tutulong ito para matiyak na ang gawain para sa pagkakapantay-pantay at paglaban sa pagtatangi ng lahi ay may representasyon sa lahat ng lebel ng pagdedesisyon ng aming ahensiya.
- **Kumuha ng mga empleyado mula sa mga taong itinuturing na hindi mahalaga.** Nangangahulugan ito na: mas maraming gagawing pagpapasulong at pagtuturo sa trabaho; may pananagutan ang mga lider na makinig sa mga empleyado at patibayin sila; aalisin ang mga hadlang; at magpopokus sa pagkuha at pagpapanatili ng mga tauhan namin para may representasyon ang mga komunidad na pinaglilingkuran namin.

Nananabik na ako sa gawaing iyo, lubos akong nagpapasalamat sa oportunidad na maging bahagi ng pagbabagong ito sa gobyerno ng estado. Alam naming maraming masamang epekto ang kasalukuyang sistema sa mga tao. Mahalaga ang ginagawa natin ngayon at sa araw-araw. Determinado ang ESD na – at aktibong gumagawa sa – isagawa ang PEAR at ang layunin nito para magawa namin ang aming bahagi para sa pagkakapantay-pantay sa hinaharap.

[Signature]
Cami Feek
Komisyoner ng, Employment Security Department (Kagawaran sa Seguridad ng Trabaho)